Buong Teksto

ANG PITONG TANGA

Ang kwento natin ngayon ay pinamagatang "Ang Pitong Tanga" mula sa Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes, muling isinalaysay ni Chrstine S. Bellen at babasahin nina Ivy Baggao, Adriane Ungriano, Jethro Nibaten, RJ Adarlo, John Robert Yam, Nilo Beriarmente, Duane Ligot, Justine Santos, at D Cortezano

Dati raw, sa isang bayan sa Cagayan ng Luzon, parang pinagtagpo ng pagkakataon na ang pitong binatang mga ugok ay nagkasama-sama at naging magkakaibigan. Sila'y sina Huwan, Kanuto, Aleho, Heremias, Tiago, Kosme, at Nikolas. Kung tawagin sila sa pook na iyon ay "Ang Pitong Tanga."

Minsan naligo ang pito sa isang malaking ilog na Rio Grande de Cagayan kung tawagin. Nang matapos ang kanilang paliligo, iminungkahi ni Huwan na bilangin ang kanyang mga kasamahan.

"Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim…," bilang ni Huwan na hindi isinama ang sarili.

"Naku, may nawawala sa atin," bilang naman ni Kanuto na hindi rin isinama ang sarili sa pagbilang.

"Hindi kaya't may nalunod na isa sa atin?" sabi ni Kanuto.

Hinanap nila ang isang nawawala. Sinisid muli nila ang ilog. Sisid sila nang sisid. Nang mapagod ay umahon sila at muling nagbilang.

"Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim . . .," bilang ni Aleho na hindi rin isinama ang sarli sa pagbilang.

"Wala na tayong magagawa! Ipagdasal na lamang natin ang kaluluwa ng isa nating kasamang nawawala," sabi ni Heremias

Pinanod pala ni Tandang Nano ang ginagawa ng pitong ugok at nang hindi makatiis sa katangahan ng mga binata ay lumapit ito at sita ang nagbilang.

"Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, amin, pito!" bilang ni Tandang Nano.

"Naku, himala po ng langit! Salamat sa inyong pagtulong," masayang sabi ni Tiago.

"Paano po kami makagaganti sa inyo?" tanong ni Kosme.

“Halina’t bibigyan ko kayo ng trabaho at nang hindi tuluyang pumurol ang inyong mga kukote,” pagmamagandang-loob ni Tandang Nano.

Isinama ni Tandang Nano at pinakang ang pitong tangang binata sa kanyang bahay. Gutom na gutom ang mga binata na parang hindi kumain nang isang linggo.

“Ako nga pala si Mariano, Tandang Nano ang tawag sa akin. Si Rosita o Aling Rosing ang aking maybahay,” pakilala ng matanda.

Nagpakilala naman ang pitong tangang binata, kahit namumuwalan sa pagkain ang mga bibig.

“Ako po’y si Huwan; ang tawag po sa aki’y Suwan,” pakilalal ni Suwan habang humihigop ng sabaw.

“Ako po si Kanuto; Uto ang tawag nila sa akin,” sabay pangas sa binti ng pritong manok na ulam.

“Si Aleho po ako; Ehong kapag nilalambing,” ngiti ng bungal na binatang may sabit pa ng gulay sa nag-iisang ngipin.

“Ako po si Heremias; ang palayaw ko po’y Ere,” saka pinaabot muli ang mangkok ng kanina.

“Tiago po. Agogong ang tawag sa akin,” sabay dagok sa dibdib dahil nahirinan ng kanin.

“Ako naman po si Kosme; Mee ang pinaikling tawag sa akin,” hagikik ng binatang pinakamalusog sa lahat.

“Nikolas po; Kulaspiro ang palayaw ko,” saka dumighay nang pagkalakas-lakas.

Mainam na magkakila na tayong lahat. Nais ko kayong dumito na at makatulong namin sa mga gawain,” sabi ni Tandang Nano.

“Suwan at Uto, kayo ang tutulong kay Rosing dito sa bahay, si Ehong sa pagluluto, at si Ere ang hahanap ng mga kahoy na panggatong. Ikaw, Agogong, ang sasalok ng tubig sa balon, sina Mee at Kulaspiro anf tutulong sa akin sa pangangaso sa gubat,” paliwanag ni Tandang Nano.

Magtagumpay kaya si Tandang Nano sa pagtulong sa pitong tanga?

Maagang-maaga kinabukasan ay ipinagsama ni Tandang Nano sina Mee at Kulaspiro sa gubat upang mangaso. Binigyan niya ng Tirador si Mee at kay Kulaspiro naman ipinagkatiwala ang bigas na isasaing nila sa tanghalian.

Nang magsimula sa pangangaso sina Mee at Tandang Nano, napasigaw ang matanda dahil kamuntik na siya ang matirador ni Mee.

“Pasensya na po, sinusubukan ko kasi kung malaks ang tirador,” paumanhin ni Mee.

Malapit na ang tanghalian nang balikan nila si Kulaspiro sa pinag-iwanan dito. Ngunit wala pang sinaing si Kulaspiro.

“Sinabit ko po sa isang kahoy na walang dahon nung medyo maaga pa ang supot ng bigas. Nang sumigaw kayo, biglang itinakno ng kahoy ang bigas na isinabit ko. Sungay po pala iyon ng malaking usa na nagulat sa sigaw ninyo,” paliwanag ni Kulaspiro.

“Umuwi na lamang tayo!” umuusok na ang ilong ni Tandang Nano sa galit.

Hapon na nang makauwi sina Tandang Nano at ito ang kanyang nadatnan. Hindi nakakain ang mga iniwanan sapagkat ang manok na iniluto ni Ehong ay pinagputol-putol lamang ngunit hindi inalisan ng balahibo.

Nakaratay sa higaan si Ere dahil binugbog ng mga kapitbahay nang matuklasang ang kanilang mga bakod ang kinakahoy nito upang gawing panggatong.

Muntik namang malunod sa balon si Agogong sapagkat nang sasalok ito ng tubig ay nakita ang sariling anino sa loob ng balon. Hinamon niya ito ng suntukan. Nang umamba siya ng suntok ay umamba rin ang kanyang anino kaya’t tinalon niya ito sa loon ng balon.

May bukol naman sa ulo si Aling Rosing at nawawala sina Suwan at Uto. Paano’y nang makita nina Suwan at Uto na naidlip si ALing Rosing ay binugawan nila ito ng langaw. Nang may dumapong langaw sa noo ng matandang babae ay kumuha sila ng isang malaking kahoy at ipinalo sa langaw.

“Naku, hindi magising si Aling Rosing. Namatay yata. Mabuti pa’y ilibing na natin para hindi na magdalamhati si Tandang Nano,” malungkot na sabi ni Suwan.

Binalot nila sa Banig si Aling Rosing upang dalhin sa sementeryo. Ngaunit sa gitna ng daan ay nahulog ang matanda. Nang masikatan ito ng araw ay nagising at umuwi sa bahay. Nadatnan doon nina Suwan at Uto si Aling Rosing na ginagamot ang kanyang bukol. Inakala ng dalawa ay minumulto sila kaya’t kumaripas ng takbo palayo.

Nang malaman itong lahat ni Tandang Nano, napahandusay na lamang ito at nagsabing: “Talagang mahirap tangkilikin ang mga tanga!”

***

Pinagkuhanan: Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes. Ang Pitong Tanga. Muling isinalaysay ni Christine S. Bellen. 2007. Anvil Publishing

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Sa Ingles

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace
Why Cocks have Combs on their Head

Sa Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo
Ang Anting-anting ni Manuelito
Ang Gamugamo at Ang Liwanag
Ang Pitong Tanga

Mga Kuwentong Pampasko:

The Poor Man who Became King
The Sultan with a Heart of Stone
Buking si Santa
Istatriray: Ang Bituing may Buntot
Alamat ng Puto-Bumbong
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

ACKNOWLEDGEMENTS

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	*Executive Producers*
D Cortezano	*Producer*
John Robert Yam	*Overall Sound Designer*
Harold André Santos	*Theme Music Composer*
Adriane Ungriano	*Episode Sound Designer*
John Robert Yam	*Sound Engineers*

Nilo Beriarmente	
Ivy Baggao	*Talent Coordinator and Production Associate*
Jethro Nibaten Rey Sotto Duane Ligot Justine Ray Santos Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	*Sound Design and Technical Team*
Arielle Acosta Vannessa Reventar	*Logistical Support*
Ross Du	*Illustrator*
Arielle Acosta Lazir Caluya	*Brand Developers*
Dreamlist Digital	*Web developers*
Ivy Baggao Adriane Ungriano Jethro Nibaten RJ Adarlo John Robert Yam Nilo Beriarmente Duane Ligot Justine Santos D Cortezano	*Arete Team* *(Voice actors for the episode)*

Ateneo de Manila Basic Education

Ateneo Grade School

Fr. Emerito Salustiano R. de la Rama, SJ.	*Headmaster*
Pacita E. Hosaka	*Assistant Headmaster for Academic Affairs*

Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador	*Principal*

Genalyn S. Sanvictores	*Assistant Principal for Academic Affairs*
Paolo Ven B. Paculan	*Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*
Kristine Ann P. Valdellon	*Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

Ateneo Senior High School

Ma. Victoria P. Dimalanta	*Principal*
Luis Allan B. Melosantos	*Assistant Principal for Academic Affairs*